

Nag-aalala ka ba sa isang proyekto ng UNDP?

Pagsusuri sa Pagpatupad ng Sosyal at Pangkalikasang Pangako at Mekanismo sa Pagtugon sa mga Naapektuhang Partido (Stakeholders)

Introduksyon

Kung ikaw ay naniniwala na ang mga proyekto o programa na suportado ng UNDP ay nakapagdulot o maaring makapagdulot ng pinsala sa iyo, sa iyong komunidad, o kaya sa kapaligiran, maaari kang humingi ng tulong sa Sosyal at Pangkalikasang Yunit na Tagapagsunod (SECU) o kaya sa Mekanismo sa Pagtugon sa mga Naapektuhang Partido (SRM) ng UNDP.

Pagsusuri ng Pagtupad – Tumutugon sa mga Inaalala (Concern) Kaugnay ng Sosyal at Pangkalikasang Pangako ng UNDP

Ang SECU ay nag-iimbestiga sa mga reklamo galing sa mga apektadong komunidad at indibidwal na naniniwala na hindi natupad ng UNDP ang kanilang Sosyal at Pangkalikasang pangako, at nagrerekomenda ito ng kaukulang mga hakbang sa mga hindi nasunod o natupad na pangako. Kabilang dito, sa partikular, ang di-pagsunod sa mga pamantayan ng panlipunan at kapaligiran ng UNDP.

Tugon ng mga Naapektuhang Interesadong Partido - Tumutulong sa Pagresolba ng mga Hinanakit at Hindi Pagkakaunawaan

Ang SRM ay tumutulong sa mga partido na naapektuhan ng proyekto na sinusupportahan ng UNDP. Nagkakaisang gumagawa ng kaukulang mga hakbang ang mga partners o kasosyo (mga gobyerno, NGO, mga negosyo) at iba pa upang matugunan ang mga hinanakit at hindi pagkakaunawaan na dulot ng sosyal at pangkalikasang epekto ng mga suportadong proyekto ng UNDP.

Sino ang Maaring Maghayag ng Komento o Reklamo?

Sino mang indibidwal o komunidad na naniniwala na ang kapaligiran o ang kanilang kabutihan ay maaapektuhan ng isang proyekto or programa na suportado ng UNDP ay maaaring maghayag ng komento or reklamo. Maari ding magsumite ng reklamo ang represante ng mga apektadong komunidad, tulad ng mga organisasyon ng mga sibilyan (CSO). Ang mga magsusumite ng reklamo ay maaring hilingin sa SRM at SECU na pangalagaan o i-sekreto ang kanilang pangalan at pagkakakilanlan.

Saan Isusumite ang Hiling/Request?

Isumite ang mga hiling o request at tanong sa secuhotline@undp.org.

Ang mga hiling kaugnay sa SRM ay maaaring gawin sa UNDP Country Office sa bansa ng kung saan nakatira ang humihiling/requestor, o kaya sa Headquarters SRM Team sa stakeholder.response@undp.org.

Ang mga impormasyon tungkol sa UNDP Country Offices ay makikita sa *Homepage* ng UNDP sa www.undp.org

Anong Ilalagay sa Hiling/Request?

Makakatulong kung isasama sa hiling o request ang mga sumusunod:

- Pangalan, tirahan, numero ng telepono, at iba pang pakikitungong impormasyon
- Kung ang mga naghihiling ay nais na manatiling kompidensyal ang kanilang pagkakakilanlan
- Pangalan, lugar, at deskripsyon ng proyekto ng UNDP
- Kung paano naapektuhan o maaaring maapektuhan ng proyekto na suportado ng UNDP
- Detalye ng mga ginawang hakbang ng humihiling o requestor upang maresolba o maayos ang mga isyu kung mayroon man

Para sa karagdagang impormasyon:

www.undp.org/secu-srm

www.undp.org/ses

project.concerns@undp.org